State of California—Health and Human Services Agency
Department of Health Care Services

WILL LIGHTBOURNE
*DIRECTOR*

GAVIN NEWSOM
*GOVERNOR*

# Pagpapalawig ng Programang Pederal na Antas ng Karalitaan Para sa Matanda, Bulag at May Kapansanan

**Mahalagang balita tungkol sa pagsaklaw sa iyong kalusugan**

Minamahal Naming Benepisyaro,

**Magandang balita!**
Isang bagong batas ang naipasa sa California. Maaari nitong baguhin ang iyong mga benepisyo sa Medi-Cal. Maari kang maging karapat-dapat para sa libreng Medi-Cal sa lalong madaling panahon.

Simula Disyembre **1, 2020**, Itinataas ng bagong batas ng California ang limitasyon sa buwanang kita para sa programang Pederal na Antas ng Karalitaan Para sa Matanda, Bulag at May Kapansanan. Nangangahulugan ito na mas maraming aplikante at benepisyaryo ang magiging karapat-dapat para sa libreng Medi-Cal.

**Ano ang susunod na mangyayari?**
Hindi magbabago ang mga benepisyo mo sa Medi-Cal sa ngayon. **Wala** kang kailangang gawing anuman sa ngayon. **Hindi** mo kailangang gumawa ng isang bagong aplikasyon sa Medi-Cal. Mayroon ka pa ring taunang pag-renew sa Medi-Cal. Kapag makakuha ka ng renewal packet sa koreo, sagutan ito. Ipadala ito sa iyong county kasama ang kinakailangang katibayan.

Kung kasakukuyan kang nasa Medi-Cal at nakuha mo ang sulat na ito, susuriin ka para sa pagiging karapat-dapat sa ilalim ng bagong batas. Kung natukoy na ikaw ay karapat-dapat para sa libreng Medi-Cal, makakakakuha ka ng sulat sa koreo. Nakasaad sa sulat ang tungkol sa pagbabago.

Upang malaman ang higit pa tungkol sa pagbabago, basahin ang Mga Madalas Itanong o Frequently Asked Questions (FAQs) na nakalakip sa sulat na ito. Maari mong hingin ang mga materyales sa madaling mabasang format. Kabilang dito ang Braile, malalaking titik na print, audio o data cd o iba pang format kung kinakailangan.

**May Mga Tanong?**
Kung mayroon kang mga tanong o kailangan mo ng tulong o libreng serbisyo ng interpreter, tawagan ang Medi-Cal Helpline sa 1-800-541-5555 (TTY 1-800-430-7077). Libre ang pagtawag. o mag email sa amin sa ABDexpansion@dhcs.ca.gov.

Salamat,
Department of Health Care Services